

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Nase-secure ng Brampton ang pamumuhunan ng Pederal at Lalawigan na \$128M para sa ikatlong pasilidad ng Brampton Transit

BRAMPTON, ON (Abril 15, 2021) – Sa araw na ito, si Mayor Patrick Brown; ang mga Konsehal ng Lungsod ng Brampton; Maninder Sidhu, Kalihim ng Parliyamto sa Minister of International Development at Miyembro ng Parliyamto para sa Brampton East, sa ngalan ni Honourable Catherine McKenna, Minister ng Imprastraktura at mga Komunidad; Amarjot Sandhu, Miyembro ng Parliyamto ng Lalawigan para sa Brampton West sa ngalan ni Honourable Laurie Scott, Minister ng Imprastraktura ng Ontario ay inanunsyo ang pondo para sa ikatlong storage at pang-maintenance na pasilidad ng Brampton Transit.

Ang Pamahalaan ng Canada ay namumuhunan ng higit sa \$69.9 milyon sa proyektong ito sa pamamagitan ng Public Transit Infrastructure Stream (PTIS) ng plano na Pamumuhunan sa Canada. Nagbibigay ang Pamahalaan ng Ontario ng higit sa \$58.2 milyon at ang Lungsod ng Brampton ay umaambag ng higit sa \$46.6 milyon.

Kabilang sa Phase 1 ng proyekto ang konstruksyon ng tinatayang 400,000 kwadrang piye na transit maintenance at pasilidad na imbakan na hanggang 36 maintenance bays at tinatayang 40 overhead na mga pintuan ng garahe para ma-accommodate ang hanggang 250 standard 40 piyeng katumbas na mga bus, bukod pa sa administratibo at suporta sa maintenance na espasyo. Kabilang din sa trabaho ang pag-install ng fixed at naigagalaw na hoists, isang inspeksyon pit sa sasakyan, isang overhead crane, imbakan ng gasolina/krudo at dispensing systems, lokasyon ng behikulo at radio system, at generator na backup ng kuryente.

Ang konstruksyon ng bagong pasilidad na ito ay magpapahusay sa kapasidad, kalidad, at kaligtasan ng imprastraktura ng public transit para sa Brampton, at pag-install sa hinaharap ng imprastraktura para serbisyuhan ang mga de-kuryenteng bus, paglikha ng mas malinis at mas matipad na mga paraan sa transportasyon para sa mga residente. Patuloy na naghahanap ang Lungsod ng Brampton ng \$150M na karagdagang pondo para gawing de-kuryente ang pasilidad.

Ang pondo na ito ay tutulong sa pagsaklaw sa mga gastos sa pag-construct ng Phase 1 ng pasilidad. Ang bagong pasilidad na ito ay tina-target para sa konstruksyon sa dalawang phase simula sa 2022, na ang pagbubukas ng Phase 1 ay tinatayang para sa huling bahagi ng 2024.

Ang Lungsod ay kasalukuyang nasa Yugto ng Pagrepaso ng Environmental Project Report (EPR) para sa proyektong ito. Ang report na ito ay bukas para repasuhin sa [Brampton.ca/transitfacility](https://brampton.ca/transitfacility) hanggang Abril 19. Ang mga may feedback ay pwedeng makakonekta sa nakatalang mga Kontak sa Proyekto.

Mga Link

- [Namumuhunan ang Canada at Ontario sa imprastraktura sa public transit para sa mga residente ng Brampton](#)
- [Panahon ng Pagrepaso para sa Environmental Project Report \(EPR\) ng Ikatlong Pasilidad ng Transit](#)

- [Nagpapalano ang Lungsod ng Brampton na i-construct ang isa sa pinakamalaking mga pasilidad ng de-kuryenteng bus transit ng North America na sumusuporta sa mga bus na walang emission](#)

Mga Quote

“Malugod nating tinatanggap ang pamumuhunan ng Pamahalaan ng Canada at ng Pamahalaan ng Ontario sa ikatlong storage at pang-maintenance na pasilidad ng Brampton Transit. Ang Brampton Transit ay isa sa lumalaking mga transit system sa Canada at ang bagong pasilidad ay makakatulong sa pagsuporta sa ating madaling ma-access at konektadong transit network at lumilikha ng tinatayang 850 bagong mga trabaho sa Brampton bawat taon sa konstruksyon nito, at mga 1,000 trabaho kapag kumpleto nang naitayo ang pasilidad at ginagamit na. Nagbabase sa commitment ng Konseho sa pagiging Green City, patuloy tayong naghahanap ng pondo para isakuryente ang pasilidad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay nangunguna sa pagiging sustainable at nararapat lamang na ang ating transit network ay konektado nang mabuti at nakakabuti sa kapaligiran, Nananabik ang Konseho ng Brampton na makatanggap ng suporta mula sa lahat ng antas ng pamahalaan para sa ikatlong storage at pang-maintenance na pasilidad ng Brampton habang umaasa tayo na mag-transisyon sa isang de-kuryente, walang emission na bus fleet at nakakatugon sa ating mga layunin sa pagiging sustainable.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Public Works and Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay dedicated sa pagtayo ng sustainable at matipid sa enerhiya na transit system, at ang mga pamumuhunan na ito ay susuporta sa milestone na proyekto sa ating mga inisyatiba sa pagiging luntian – ikatlong pasilidad ng transit. Inaasahan natin ang patuloy na pakikipagtulungan sa ating mga stakeholder para maghatid ng pamumuhunan sa Brampton.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ang pamumuhunan sa araw na ito ay tutulong sa paglikha ng pinakamalaking transit maintenance at storage na pasilidad ng Brampton. Magtitiyak ito na ang mga residente ay magkakaroon ng access sa de kalidad at ligtas na mga opsyon ng public transit para sa mga darating na taon, lilikha ng mga trabaho na maganda ang sahod, habang nililikha ang mga pagkakataon sa hinaharap para sa luntian at mababa sa carbon na mga transit system. Ang plano sa imprastraktura ng Canada ay namumuhunan sa libo-libong mga proyekto, lumilikha ng mga trabaho sa buong bansa, at nagtatayo ng mas malinis, mas nagsasalang mga komunidad.”

- *Maninder Sidhu, Kalihim ng Parliyamto sa Minister ng International Development at Miyembro ng Parliyamto para sa Brampton East, sa ngalan ni Honourable Catherine McKenna, Minister ng Imprastraktura at mga Komunidad ng Pederal*

“Muling ipinapakita ng Pamahalaan ng Ontario ang commitment nito na mas pahasayin ang imprastraktura ng transit sa lalawigan sa pamamagitan ng pakikipagsanib sa ating mga kasamahan sa pederal at munisipyo para magawa itong napakahalagang pamumuhunan. Ang isang bagong transit terminal ay isa na namang hakbang para ang mga Bramptonian ay gugugol ng mas kaunting oras sa pag-commute at mas maraming oras sa kanilang mga pamilya.”

- *Amarjot Sandhu, Miyembro ng Panlalawigang Parliyamento para sa Brampton West sa ngalan ni Honourable Laurie Scott, Minister ng Imprastruktura ng Ontario*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

MGA KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca

Chantalle Aubertin
Press Secretary
Office of the Minister of Infrastructure and Communities
613.941.0660 | chantalle.aubertin@canada.ca

Christine Bujold
Press Secretary
Office of the Honourable Laurie Scott, Ontario's Minister of
Infrastructure
416.454.1782 | christine.bujold@ontario.ca

Sofia Sousa-Dias
Communications Branch
Ontario Ministry of Infrastructure
437.991.3391 | sofia.sousa-Dias@ontario.ca

Media Relations
Infrastructure Canada
613-960-9251
Toll free: 1.877.250.7154
Email: infc.media.infc@canada.ca
Sundan kami sa [Twitter](#), [Facebook](#) at [Instagram](#)
Web: Infrastructure Canada